




PROTEKTAHAN ANG IYONG MGA ALAGANG HAYOP LABAN SA MGA GARAPATA AT LYME DISEASE

Ang **Lyme disease** ay naikakalat sa pamamagitan ng kagat ng mga blacklegged tick na may impeksyon. Karaniwang makikita ang mga garapatang ito sa at malapit sa mga lugar na may mga puno, halamang may matigas na puno (shrub), mataas na damo, o tambak ng mga dahon.



Ang pinakamagandang paraan upang maprotektahan ang iyong mga alagang hayop laban sa Lyme disease ay sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga kagat ng garapata:

- ✓ Tingnan kung may mga garapata ang iyong mga alagang hayop pagkagaling sa labas. Karaniwang dumidikit ang mga garapata sa ulo, leeg, at mga tainga ng mga aso at pusa.
- ✓ Maingat na alisin kaagad ang mga nakadikit na garapata gamit ang malinis na fine-point na tiyani at hugasan ang bahaging nakagat gamit ang sabon at tubig, o alcohol-based sanitizer.
- ✓ Makipag-usap sa iyong beteryaryo tungkol sa mga produktong pang-iwas sa garapata para sa mga alagang hayop at mga bakuna laban sa Lyme disease para sa mga aso.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano protektahan ang iyong sarili at ang iyong alagang hayop, bisitahin ang

Canada.ca/MaladieDeLyme

Canada 